
Itabi ang kopyang ito para sa emergency

# Fujimino City

# Hazard map

## para sa Lindol

**Posibilidad ng pagyanig**
**Panganib ng pagbagsak ng gusali**
**Posibilidad ng pagkatunaw**






Fujimino City Office
https://www.city.fujimino.saitama.jp/
Saitama, Fujimino-shi, Fukuoka 1-1-1 356-8501
Tel. 049-261-2611

Nabago noong Hulyo 2023

# Kaugnayan ng lakas ng lindol (magnitude) at lakas ng pagyanig (seismic intensity)

Ang ugnayan sa pagitan ng magnitude at seismic intensity ay maihahalintulad sa relasyon sa pagitan ng liwanag ng isang bumbilya at ng ningning nito sa isang lamesa. Kung paanong ang ilaw mula sa bumbilya ay may iba't ibang liwanag sa lamesa depende sa posisyon ng lamesa gayundin kahit na ang lindol ay may parehong magnitude, ang seismic intensity ay maliit kung malayo sa sentro ng lindol o epicenter, at ang seismic intensity ay malaki kung malapit sa epicenter.




Ang magnitude (pinatagang M)ay isang yunit na nagpapahayag ng lakas ng isang lindol. Ang pinakamalaking lindol sa kasaysayan ng bansang Japan ay ang Great East Japan Earthquake, na may lakas na M9.0.

Kapag tumaas ang M ng 0.2, duduble ang sukat ng enerhiya ng lindol, at kapag tumaas ang M ng 1, tataas ito ng humigit-kumulang 32 beses.

Ang seismic intensity ay nagpapahiwatig ng magnitude ng pagyanig sa puntong paglilindol. Kung gaano kalakas ang aktwal na pag-uga ay nakasalalay hindi lamang sa sukat ng enerhiya ng lindol, kundi pati na rin sa distansya mula sa sentro ng lindol hanggang sa puntong lugar, gayundin ang kondisyon ng lupa, at iba pa.

# Naangkop na pagkilos at aksyon sa panahon ng malakihang lindol

Kapag naganap ang isang malaking lindol, mas mapanganib ang pagmamadali. Kapag narinig mo ang alerto sa maagang babala ng lindol, kumilos kaagad upang protektahan ang iyong sarili. Kuhanin ang tamang impormasyon mula sa media at kumilos nang mahinahon.

## Kung nasa bahay ka

### Kung naramdaman mo ang pagyanig

**Kumilos para sa iyong kaligtasan!**

"Tatlong akmang pagkilos" para protektahan ang inyong sarili sa lindol.




Una, protektahan ang iyong ulo

**Sa sandali ng pagkakaroon ng lindol, gawin ang sukdulang mga hakbang sa kaligtasan na maaari mong gawin.**

Karamihan sa mga tao ay natatakot kapag ang isang lindol na may seismic intensity 5 ay nangyari. Kung ang seismic intensity ay mas mataas kaysa dito, maaaring hindi ka makagalaw ng normal dahil sa pag-alog ng iyong mga paa o kaya dahil sa panginginig at paninigas ng iyong katawan dahil sa takot.

Subalit kahit na mababa ang seismic intensity, (kung nasa aktong pababa o papanhik ng hagdan) ang mga taong mahina ang paa kagaya ng mga matatanda o maliliit na bata, ay maaring maaksidente.

※上イラスト提供：効果的な防災訓練と防災啓発提唱会議

**Ang oras ng malakas na pagyanig ay mga 20 segundo hanggang 1 minuto**

### Kapag humupa na ang pagyanig

**Maging alerto at maaring magkaroon ng susunod pang paglilindol**

Patayin ang apoy at maghanda sa maaring paglilikas

**Pagsigurado sa kaligtasan / paghahanda sa paglilikas**



- Tingnan ang maaring pagsimulan ng apoy
- Buksan ang pinto sa labasan at mga bintana dahil maaaring itong madisporma dahil sa lindol. Lagyan ng bagay ang pagitan ng pinto para hindi ito magsara.
- Tawagin at kumpirmahin kung ang inyong pamilya ay ligtas

**Pagkumpirma ng sitwasyon / mga hakbang na dapat gawin kung may sakuna**



- Tingnan kung ligtas ang kalagayan ng mga kapitbahay at ng mga gusali sa paligid
- Siguraduhin kung tama ang nakuhang impormasyon
- Sa paglikas, isara ang pinakapunong sarhan ng gas at ng circuit breaker.
- Makiisa at tumulong sa pagliligtas, pagsagip at pagpatay ng maliliit na sunog

## Kung ikaw ay nasa labas

| | Kung naramdaman mo ang pagyanig | Kapag humupa na ang pagyanig |
|---|---|---|
| Daan/ mga kalye | ■ Lumayo sa mga bagay na maaring bumagsak o gumuho<br>■ Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay at protektahan ang iyong ulo gamit ang isang bag o iba pa | ■ Lumikas sa isang malaking parke o matatag na gusali |
| Kabayanan Malaking gusali | ■ Lumayo sa mga istante ng produkto, sa halip ay sumilong sa mga haligi at dingding<br>■ Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay at protektahan ang iyong ulo gamit ang isang bag o iba pa | ■ Kung nasa loob ng pamilihan, sundin ang on-site broadcast at tagubilin ng staff<br>■ Ang mga bagong gusali ay matibay na laban sa lindol kaya't huwag matarantang lumabas. |
| Pamilihan sa underground | ■ Lumayo sa mga bagay na maaring bumagsak o gumuho<br>■ Sumilong sa mga haligi at dingding<br>■ Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay tulad ng ilaw at iba pa at protektahan ang iyong ulo gamit ang isang bag at iba pa | ■ Sundin ang on-site broadcast at tagubilin ng staff at huwag mataranta sa paglabas ng emergency exit<br>■ Kung sakaling mawalan ng kuryente, huwag munang gumalaw at antaying magkaroon ng emergency light<br>■ Huwag lang magka-sunog, ay ligtas ang lugar na ito |
| Sa loob ng elevator | ■ Pindutin ang lahat ng numero ng palapag, at bumaba kaagad sa titigil na palapag<br>■ Bumaba kaagad ng elevator sa paghinto nito at pagbukas ng pinto | ■ Kung kayo ay nakulong, ipaalam sa intercom at antaying dumating ang saklolo<br>■ Kahit na may pagkawala ng kuryente, huwag mataranta at bubukas kaagad ang emergency light |
| Kung nasa sasakyan | ■ Depende sa sitwasyon, maaaring maramdaman kaagad ng ibang tao ang isang lindol na may seismic intensity level 4.<br>■ Dahan-dahang bagalan ang pagmaneho at huminto sa kaliwang bahagi ng daan<br>■ Patayin ang makina at manatili sa sasakyan hanggang sa humupa ang pagyanig | ■ Kapag kailangang lumikas, hayaang nasa susian ang susi ng sasakyan, isara ang bintana, at huwag i-lock ang pinto |
| Nakasakay sa tren o bus | ■ Maghanda para sa emergency stop at biglaang pagpepreno<br>■ Kung nakaupo ka sa upuang pampasahero, umupo ng nakayuko at protektahan ang ulo<br>■ Kung nakatayo ka, humawak sa straps o sa hand rail. | ■ Matapos huminto ang tren o bus sundin ang tagubilin ng crew<br>■ Huwag lalabas ng tren /bus hangga't walang sinasabi ang crew |

# Mga dapat tandaan sa paglilikas

Sa Fujimino City, mayroong 21 regional disaster prevention centers (designadong mga evacuation shelters) na nakasentro sa elementarya at junior high school sakaling magkaroon ng sakuna (isa sa mga ito ay kapag may baha). Tingnan ang evacuation center kasama ang iyong pamilya at mga kapitbahay at sa panahon na may sakuna ay kausapin at siguraduhin na sila ligtas habang naglilikas.


## Ugaliing palaging nakahanda

### Mag-usap at magplano kasama ang buong pamilya



Magdaos ng regular na pagpupulong ng pamilya upang malaman kung paano kokontakin ang iyong pamilya kapag wala sila, at kung saan magkikita at saan pupuntang shelter.

### Tingnan ang mga evacuation shelters at kumpirmahin ang daan patungo sa mga ito.



Siguraduhin ang ruta o daan ng paglikas mula sa inyong tahanan, paaralan, o opisina patungo sa evacuation center. Sa normal na araw maglakad sa mismong daan upang masigurado na ito ay ligtas na daan para sa paglikas.

### Paghahanda ng mga kailangang gamit para sa emergency



Limitahin ang dadalhing bagahe kapag lumilikas, at pumili ng mga retort pouch o mga pagkaing handa nang kainin at hindi na gaanong gagamit ng tubig at iba pa. Huwag ding kalimutang magdala ng ekstrang baterries.

### Pagtugon sa mga taong nahihirapang lumikas nang mag-isa



Para sa mga nahihirapang lumikas nang mag-isa sakaling magkaroon ng sakuna, gumawa ang munisipyo ng isang "listahan ng mga taong nangangailangan ng tulong sa paglikas". Para makakuha ng tulong kailangang magpa-rehistro. Gayundin, ang asosasyon ng mga residente ay dapat magtatag ng isang sistema para sa suporta ng paglilikas.

### Paghandaan natin kung sakaling mahirap makauwi ng bahay



Kapag nagkaroon ng malaking lindol, mapuputol ang transpor-tasyon at mahihirapang makauwi. Alalahanin ninyo ang mga kalye ng inyong ruta pauwi sa paglalakad o sa pamamagitan ng bus sa normal na panahon. Maghanda ng sneakers, mapa, pagkain para sa emergency at iba pa sa lugar ng inyong trabaho.

## Magtulungan tayo sa ating paglikas at sa pananatili sa evacuation center

Ang paglikas at pananatili sa evacuation center ay maaaring tumagal ng ilang araw o higit pa. Sa evacuation center, kayo ay maninirahan kasama ang maraming tao kung kaya' t sundin ang mga patakaran at makipagtulungan sa bawat isa.

Kung titigil kayo sa inyong bahay sa halip na pumunta sa isang evacuation center, makipagtulungan lamang sa inyong mga kapitbahay.

Sa pananatili sa evacuation center, dapat ay magkaroon ng pagbibigay konsiderasyon sa ibang tao, lalo na sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, mga kababaihan, mga bata, at mga dayuhan na maaring may kakaibang kaugalian.

Kung kayo ay may-ari ng alagang hayop, mangyaring isaalang-alang din ang kalagayan ng iba pang nanatili sa evacua-tion center

## Sa paglilikas

### Makipagtulungan sa mga kapitbahay



Kung kailangan ninyong lumikas o napagsabi-hang lumikas dahil sa lindol, mangyaring maki-pagtulungan sa inyong mga kapitbahay at lumikas kaagad.

### Isara ang pinakapunong sarhan ng gas at ng kuryente



Sa paglikas isara ang pinakapunong sarahan ng gas at ng main circuit breaker. May panganib ng sunog kapag naibalik ang kuryente at gas. Ibalik din ang handset ng telepono.

### Makipagtulungan sa pag-apula ng apoy kung may pasimulang sunog



Kung maliit pa lang ang apoy, bago ito umabot sa kisame, humingi ng saklolo sa mga taong nasa paligid ninyo. Patayin ang apoy gamit ang fire extinguisher o ng natitirang tubig sa paliguan.

### Magbigay suporta sa mga taong nangangailangan ng pag-aaruga



Mga matatanda, mga taong may kapansanan, mga nasu-gatan sa lindol na kung saan sila ay nailalagay sa mahihirap na sitwasyon sa panahon ng kalamidad at sa mga gawain ng paglilikas kung kaya' t mangyari lamang ay makipagtu-lungan kung may mga taong kagaya nila sa paligid ninyo.

### Kung kinailangang maglakad pauwi

Kung ang isang malakihang lindol ay nangyari habang ikaw ay nasa labas, hangga' t maari ay tumigil muna sa isang lugar at huwag padalus-dalos sa paggawa ng aksyon. At kung kailangan mong maglakad pauwi, mangyaring gumawa ng naaangkop na mga hakbang at mahinahong pagdesisyon.

**7 paalala kung maglalakad pauwi**

| | |
|---|---|
| Manatili sa kinarorooan | Bago pa man nangyari ay pinagpulungan na ng buong pamilya ang gagawing hakbang sakaling magkaroon ng ganitong sitwasyon |
| | Maghanda ng mga ekstrang baterya para sa mobile phone at radio |
| Alamin | Tandaan ang ruta pauwi sa inyong bahay |
| | Alamin kung mayroong inilagay na lugar na "Nagbibigay suporta sa pag-uwi" |
| Pag-uwi | Maglagay ng backpack at sneakers sa locker ng inyong pinagtatrabahuhan. |
| | Alamin ang sitwasyon bago umuwi. |
| | Sa paglalakad pauwi makipagtulungan at gawin ang magagawa upang mapatibay ang loob ng mga kasama |

### Ipaalam na ligtas ang kalagayan



Ipaalam sa iyong pamilya at mga kamag-anak ang tungkol sa iyong kaligtasan at destinasyong paglilikas sa pamamagitan ng payphone o FAX. Ang disaster message dial ng NTT na "171" ay maaaring maghatid ng mga naitalang mensahe sa mga miyembro ng pamilya at mga kamag-anak. Ito ay ginagamit upang sabihin sa kanila na ikaw ay ligtas at kung saan ka lumikas.
Maaari mo ring gamitin ang mobile phone disaster message service.

https://www.ntt-east.co.jp/en/saigai/voice171/
(Bersyon ng English)

# Ano ang hazard map para sa lindol?

Ang hazard map para sa lindol ay isang mapa na naglalayong itaas ang kamalayan sa pag-iwas sa sakuna sa araw-araw at mabawasan ang pinsala sakaling magkaroon ng kalamidad sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mamamayan ng impormasyon tungkol sa mga sakuna sa lindol at mga paraan ng paglikas.

## Tungkol sa hazard map para sa lindol

Sa hazard map para sa lindol ay ipinapakita na sa pagkakaroon ng lindol ay may mga lugar na may malaking “posibilidad ng pagyanig", may “panganib ng pagbagsak ng gusali", at "posibilidad ng pagkatunaw".

### Posibilidad ng pagyanig

Ang posibilidad ng pagkakaroon ng pagyanig ay kumakatawan sa seismic intensity ng bawat rehiyon kapag naganap ang lindol.

Ito ay kinakalkula batay sa "distansya mula sa epicenter" at "kondisyon ng surface layer ng lugar".

Ang mapa ay nahahati sa 50m grid at ang mga pagkalkula ay ipinapakita.

### Panganib ng pagbagsak ng gusali

Ang panganib ng pagbagsak ng gusali ay kumakatawan sa kabuuang pagkasira ng mga gusali sa bawat lugar sanhi ng pinsalang gawa ng pagyanig sa pagkakaroon ng lindol.

Ang posibilidad ng pagkasira ng gusali ay kinakalkula batay sa "seismic intensity magnitude" at datos ng mga gusali sa rehiyon (istruktura ng gusali, taon ng konstruksyon).

Ang mapa ay nahahati sa 50m grid at ang mga pagkalkula ay ipinapakita.

### Posibilidad ng pagkatunaw

Ang pagtutubig ng lupa o liquefaction ay nagpapahiwatig ng posibilidad ng pagkatunaw sa mga lugar kung saan naganap ang lindol.

Ang posibilidad ng pagkatunaw ay kinakalkula batay sa kondisyon ng lupa at galaw ng lindol sa ibabaw ng lupa.

Ang mapa ay nahahati sa 50m grid at ang mga pagkalkula ay ipinapakita.

## Mga maaring puntirya ng paglilindol

Sa limang lindol na tinantiya ng “Saitama Prefecture Earthquake Damage Estimate Survey” na isinagawa ng Saitama Prefecture noong 2012 at 2013, ang Northern Tokyo Bay Earthquake, na malaki ang posibilidad at ang “Kanto Plain Northwestern Margin Fault Zone Earthquake (sentro ng maaring pagsimulan), na maaaring magdulot ng malaking pinsala sa Fujimino City.

### Ang Survey sa Tantya ng Pinsala ng Lindol sa Saitama Prefecture (pinagbasehan ng Hazard map para sa Lindol)

**Lindol sa Northern Tokyo Bay na may lakas na** [Trench Earthquake Magnitude 7.3]

- Ang posibilidad ng isang M7 class na lindol sa rehiyon ng South Kanto sa loob ng susunod na 30 taon: 70%
- Ipinapalagay na seismic intensity sa Fujimino City: karamihan ay seismic intensity 5 o mas mataas, ang iba ay 6 o mas mababa.

**Kanto Plain Northwestern Edge Fault Zone Earthquake** [Active Vault Type Earthquake Magnitude 8.1]

- Ang posibilidad ng lindol sa loob ng susunod na 30 taon: 0.008% o mas mababa
- Ipinapalagay na seismic intensity sa Fujimino City: karamihan ay seismic intensity 6 o mas mababa, at ang iba ay 6 o mas mataas




### Iba pang lindol maliban sa nabanggit batay sa Survey sa Tantya ng Pinsala ng Lindol sa Saitama Prefecture

**Ibaraki Prefecture Southern Earthquake**

[Trench earthquake magnitude 7.3]

- Ang posibilidad ng isang M7 class na lindol sa rehiyon ng South Kanto sa loob ng susunod na 30 taon:70%
- Pinakamataas na seismic intensity ng Fujimino City: seismic intensity 5 o mas mataas

協力：ふじみ野市防災会議委員　角田史雄

# Paghahanda ng aking pamilya

Ang pag-iwas sa lindol ay hindi kayang gawin ng gobyerno lamang. Upang maprotektahan ang buhay at personal na ari-arian ng mga tao, kinakailangan na ang bawat isa ay magtulungan upang maghanda para sa isang lindol.

## Mga dapat inspektahin

Ang mga matataas na kasangkapan tulad ng aparador o drawer ay dapat na maisaayos na may tension rod o pampatibay para huwag itong babagsak.

Upang maiwasan ang sunog sa kuryente na nangyayari kung hindi napatay ang breaker sa pagbalik ng kuryente, mag-install ng seismic breaker na awtomatikong magpapahinto ng kuryente kapag naramdaman nito ang pagyanig ng isang lindol.



Maglagay ng glass protective film sa buong ibabaw ng patag na salamin tulad ng bintana.



Ang mga kurtina ay mas maigi kung nonflammable.

Ang electric fan heater/kerosene heater ay dapat may function na awtomatikong tumitigil o namamatay sa paglilindol. Kapag ginagamit, huwag maglagay ng mga nasusunog na materyales sa malapit.

Maghanda ng tsinelas na magagamit upang maiwasang magkasugat sa basag na mga salamin.



**Para sa inyong kaligtasan gawin ang mga pag-iingat na sumusunod.**

- Ilagay ang malalaking kasangkapan sa kuwartong hindi gaanong ginagamit.
- Huwag maglagay ng kasangkapan o bagahe sa pasukan o pasilyo (Nakaharang ito kapag lumilikas.)
- Huwag maglagay ng mga kasangkapan na madaling mahulog o bumagsak sa silid ng mga matatanda o bata.
- Tingnan ang mga bagay na maaaring mahulog tulad ng isang paso ng halaman o sampayan sa balkonahe.
- Huwag maglagay ng bisikleta o stroller sa mga pasilyo o pintuan dahil makakasagabal ang mga ito sa paglikas.

Ang Fujimino City ay magbibigay ng subsidy **para sa mga babayarin sa pagsusuri ng pagyanig o seismic at mga gastos sa pag-aayos ng mga nasira** bilang bahagi ng pag-iwas sa lindol.

**Mga gusaling kwalipikado** : Kabilang sa mga gusali sa lungsod na nakakuha ng kumpirmasyon sa pagpapatayo at nagsimulang itayo bago mag- Mayo 31, 1981, ay malinaw na hindi ito isang paglabag. Kailangan din na ito ay isang detached house, apartment building o tenement house. Sa mga gusaling gawa sa kahoy ay kailangang ito ay naipatayo sa regular na pamamaraan.

**Kwalipikadong aplikante** : Sinumang may-ari ng gusali na nag-apply para sa subsidy, may address at residente sa lungsod at nagbabayad ng buwis.

*Para sa detalye tungkol sa sumatotal ng subsidy at proseso sa pag-apply : ふじみ野市 建築課 建築指導係 **Fujimino-shi Kenchiku-ka, Kenchiku-gakari** **Tel: 049-220-2069**

# Paghahanda sa aking tahanan (pag-aayos ng mga kasangkapan sa tamang lagayan)

Sa isang malaking lindol, kahit na walang masasabing pinsala sa gusali, maaaring mahulog o magkalat ang mga kasangkapan, na magreresulta sa pagkaantala ng pagtakas o pinsala sa loob ng bahay. Ayusin ang mga kasangkapan sa inyong bahay upang hindi ito maging sanhi ng pagkakaroon ng aksidente.


## Pagsasaayos ng malalaking kasangkapan

Mapanganib na gamitin ang kagaya ng isang tension rod kung ang kisame ay walang sapat na kapasidad ng tindig upang suportahan ang mga kasangkapan. Kahit na matibay ang kisame, hindi ka makakaasa ng malaking epekto maliban na lang kung maliit ang puwang ng kisame at ng kasangkapan at ito ay malapad.

Ilagay ang tension rod sa likod ng kasangkapan




Gumamit ng panlagay na suporta na naa-adjust ang laki ng pagitan ng puwang ng kisame at kasangkapan.





## Isaayos ang paglalagay ng kasangkapan

Isaayos ang mga kasangkapan sa inyong kuwarto sa paraang kung magkaroon man ng pagyayanig ay hindi kayo maaksidente o makulong sa inyong kuwarto sakaling ang mga kasangkapan ay bumagsak.

Ang isang ligtas na posisyon sa pagtulog ay sa gilid ng muwebles o kasangkapan. Kung matutulog ka sa harap ng kasangkapan, panatiliin ang sapat na distansya na kumpara sa taas ng kasangkapan. Ang mga bookshelf na may mga slide racks ay hindi matatag, kung kaya' t mas ligtas na panatilihin ang mga ito na malayo sa inyong kama o tulugan.


Mas ligtas ang inyong posisyon sa pagtulog pag nasa gilid kayo ng kasangkapan.




Kung matutulog ka sa harap ng kasangkapan, panatiliin ang sapat na distansya na kumpara sa taas ng kasangkapan.





Mapanganib kung ang posisyon ng pagtulog ay hindi sapat na malayo sa bookshelf.




Iwasang maglagay ng kasangkapan sa malapit sa pintuan ng silid, dahil ang ruta ng paglisan ay maaaring mahadlangan dahil sa pagbagsak ng kasang-kapan o pagkalat ng mga nilalaman.


Ang pintuan ay hindi mabuksan




Dahil ang piano ay may casters, huwag itong ilagay sa silid tulugan maliban lamang kung ito ay naka-set para hindi gumalaw.





Mag-ingat sa inyong posisyon sa pagtulog, lalo na kung ang inyong ulunan ay nasa tabi ng TV o computer dahil maari itong matumba at bumagsak sa inyo.




### ●Paano ayusin ang nakasalansan na mga kasangkapan

Maari din itong ayusin at ilagay sa loob ng kasangkapan.




引用：地震による家具の転倒を防ぐには（家具の転倒防止対策に関する検討委員会作成）

# Pagkolekta ng tamang impormasyon

Kinakailangang mangolekta ng tumpak na impormasyon upang tumugon nang naaangkop sa isang lindol. Ipunin ang pinakabagong impormasyon sa panahon, impormasyon sa sakuna at impormasyon sa paglikas sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa mga maagang babala sa lindol at mga panawagan mula sa city hall.

## Paano makakakuha ng impormasyon

### Home page

**Fujimino City**
https://www.city.fujimino.saitama.jp/

**Japan Meteorological Agency**
https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

**Mga app at website (sa mga banyagang wika) sa panahon ng kalamidad**
https://www.bousai.go.jp/kokusai/web/index.html

## Paggamit ng Maagang babala sa lindol

Aabisuhan ng Maagang Babala ng Lindol ang mga lugar kung saan hinulaan ng Japan Meteorological Agency na magkakaroon ng pagyanig na may seismic intensity na 4 o mas mataas, ilang segundo bago dumating ang malakas na pagyanig. Kung malapit sa epicenter ng lindol maaring hindi matanggap ang maagang babala ng lindol bago pa man dumating ang malaking pagyanig. Bilang karagdagan, mayroong error na humigit-kumulang ±1 sa tinantyang seismic intensity.

